

Mahal na Magulang/Tagapatnubay:

Ang mga Eksamen sa Kahusayan sa Wikang Ingles para sa California (English Language Proficiency Assessments for California) o “ELPAC,” ang mga eksamen na ginagamit para masukat kung gaano kahusay na naiintindihan ng mga estudyante ang Ingles. Dinisenyo ang mga ito upang matukoy ang mga estudyante na posibleng nangangailangan ng dagdag na suporta, at para masukat ang pag-unlad taon-taon.

**Ngayong fall (taglagas), kukuha ang inyong anak ng sumusunod na eksamen:**

- Pinaka-unang Pagtatasa (Initial Assessment) ng ELPAC

Isasagawa ang eksamen para sa Pinaka-unang Pagtatasa ng ELPAC sa paaralan ng inyong anak sa Agosto at Setyembre. Para sa iba pang impormasyon kung kalan isasagawa ang pag-eeksamen sa paaralan ng inyong anak, kontakin ang principal (punong-guro).

### **Iba pang Impormasyon Tungkol sa ELPAC**

Natukoy ang pangunahing wika ng inyong anak sa Sarbey Tungkol sa Wikang Pantahanan (Home Language Survey, HLS), na kinumpleto ninyo noong ipinarehistro ang inyong anak sa pampublikong eskuwelahan. Ayon sa itinatakda ng batas, kailangang kumuha ng **Pinaka-unang Pagtatasa ng ELPAC** kung nagbigay ng sagot na ibang wika bukod sa Ingles, sa alinman sa tatlong unang tanong tungkol sa HLS. Ginagamit ang pagtatasa upang matukoy kung ang mga estudyante ay mag-aaral ng Ingles (English learner) na kailangan ng suporta sa pag-aaral ng Ingles, o mahusay na sa Ingles. May mahahanap na iba pang impormasyon tungkol sa mga eksamen sa ELPAC sa:  
<https://www.cde.ca.gov/ta/tg/ep/>

### **Dahilan para sa ELPAC**

Mahalagang matukoy ang mga estudyanteng kailangan ng tulong sa Ingles para makatanggap ang mga estudyanteng ito ng dagdag na tulong na kailangan nila upang magtagumpay sa paaralan at makuha ang kabuuang kurikulum. Kukuha ang mga mag-aaral ng Ingles ng Pagtatasa na Naglalagom ng Natutunan (Summative Assessment) ng ELPAC tuwing spring (tagsibol) upang masukat ang kanilang pag-unlad sa pag-aaral ng Ingles.

### **Mga Resulta sa EPAC**

Pagdating ng Oktubre, makatatanggap kayo ng report o ulat kung ano ang naging pagganap ng inyong anak sa Pinaka-unang Pagtatasa ng ELPAC. Ipinapakita ng mga resulta ang **pangkalahatang** antas ng pagganap sa Ingles (**overall** English performance level), na nakabatay sa kombinasyon ng pasalitang wika (50%) at nakasulat na wika (50%).

Pakitiyakin na makakukuha ang inyong anak ng maraming tulog, at makakakain ng masustansiyang almusal o may minindal sa paaralan sa mga nakatalagang araw ng pagkuha ng eksamen. Kausapin ang inyong anak na gawin ang pinakamakakaya sa eksamen.

Salamat sa inyong suporta.

John Burke, Superbisor ng Opisina para sa Pagtatasa ng mga Natamo ( Achievement Assessments Office)  
San Francisco Unified School District/Opisina ng Edukasyon (Office of Education) ng County

**Pinaka-unang Abiso ng ELPAC sa mga magulang - FILIPINO**